2025.4.1

LUPON NG EDUKASYON LUNGSOD NG KANI

# Tugon sa Babala ng Panahon

気象警報時における休業及び登下校等の対応について

**Kung maglalabas ang Lungsod ng Kani ng "babala sa malakas na hangin, malakas na ulan o baha".**

## 1 Bago Pumasok

(1) Manatili sa bahay hanggang makansela ang babala.

(2) Kung nakansela ang babala 2 oras bago magsimula ang klase: 《Regular na klase》

(3) Kung nakansela ang babala 2 oras bago magsimula ang klase hanggang 11:00 AM: 《May klase 2 oras pagkatapos makansela ang babala》

※Para sa (2) at (3), huwag papasukin ang bata kung ang kalsada ay delikado (sirang daan, landslides, natumbang puno, atbp.) at tumawag sa paaralan.

(4) Kung **hindi** makansela ang babala hanggang 11:00 AM: 《Suspendido ang klase》

**School Lunch**

① Kung nakansela bago 7:30 AM:⇒Regular ang school lunch sa paaralan.

② Kung nakansela sa pagitan ng 7:30 at 10:00 am:
⇒Simpleng school lunch sa paaralan（main dish at gatas） o relief curry at gatas.

③ Kung nakansela sa pagitan ng 10:00 at 11:00 am:
⇒Mananghalian sa bahay bago pumasok sa paaralan.

## 2 Pagdating sa paaralan

(1) Naglabas o inaasahang mag-anunsyo ng babala, maghihintay ang mga bata sa paaralan

(2) Kung pauuwiin ang mga bata, ipapalam ito sa mga magulang sa pamamagitan ng "school sugu mail" kung uuwi ng grupo o kailangang ipasundo sa mga magulang/tagapag-alaga.

## 3 Papunta sa paaralan

(1) Lumikas sa paaralan o sa bahay kung saan mas malapit sa kasalukuyuang kinaroroonan. Gayundin, depende sa sitwasyon ng panahon, pansamantalang lumikas sa pinakamalapit na pampublikong pasilidad o sa *110 house.*

(2) Ipapaalam sa mga bata ang tungkol sa (1) upang malaman nila kung ano ang tamang gagawin.

## 4 Inaasahan ang anunsyo

(1) May pagkakataong masuspinde ang klase bago mag-anunsyo ng babala depende sa kalagayan ng panahon (posisyon ng bagyo, antas, direksyon, bilis atbp.), sitwasyon ng transportasyon at kalsada.

(2) Kung masuspinde ang klase, makikipag-ugnayan ang punong-guro sa magulang/tagapag-alaga o estudyante bago magsimula ang klase.

## 5 Malakas na snow

(1) Kung nag-anunsyo ng babala sa malakas na snow, regular ang pasok sa paaralan.

(2) Kung kritikal ang sitwasyon ng lungsod, maaaring pansamantang ikansela ang klase ng lupon ng edukasyon o hilingin sa mga mag-aaaral na manatili sa bahay.

## 6 Desisyon ng bawat paaralan

Maaaring magdesisyon ang punong-guro ayon sa mga sumusunod:

(1) Umabot (o inaasahang umabot) sa kritikal na level ang tubig sa ilog ng school zone

(2) May anunsyo (o maaaring magkaroon ng anunsyo) ng babala sa landslide o buwahi

(3) Kung hindi ligtas ang sitwasyon ng kalsada papuntang paaralan (baha, sirang daan, landslide, nagyeyelo ang kalsada dahil sa snow, atbp.)